**St. James-Assiniboia School Division**
*Great Schools for Growing and Learning*

FILIPINO

Disyembre 8, 2022

Minamahal na Magulang o Tagapag-alaga,

Noong Nobyembre 22, sina Dr. Brent Roussin, Punong Opisyal ng Pampublikong Kalusugan, at Dr. Elisabete Doyle, Pinuno ng Pediatric Medicine sa HSC Children's Hospital, ay nagsagawa ng isang town hall upang mapag-usapan ang mataas na bilang ng RSV (Respiratory Syncytial Virus) at influenza A sa mga bata.

Nagbibigay kami ng ilang hangong mensahe na nasa ibaba mula sa town hall upang matulungan kayong mabigyan ng kaalaman at suporta kung ang inyong anak ay nakararanas ng sakit ngayong panahon ng taglamig.

**Paano kong mapoprotektahan ang aking anak ngayong panahon ng trangkaso?**

**Dr. Rousiin:** May iba't-ibang paraan para maprotektahan natin ang ating mga sarili. Siguraduhing na-update ang mga bakuna, manatili sa tahanan kung may karamdaman, maghugas ng mga kamay, sundin ang hustong cough hygiene (umubo o bumahing sa inyong siko), at maaaring magsuot ng mask sa loob ng mga pampublikong lugar.

**Kailan dapat mabakunahan ang aking anak?**

**Dr. Roussin:** Ang mga tao ay dapat magpabakuna (para sa COVID 19 o trangkaso) sa lalong madaling panahon. Kung sila ay maysakit, hintaying gumaling at saka sumangguni sa inyong doktor o health-care provider kung ano ang nararapat na gawin.

**Kailan dapat manatili sa bahay ang aking anak at hindi papasok sa paaralan o daycare?**

**Dr. Roussin:** Sa sandaling magkaroon ng mga sintomas, ang mga bata ay dapat na manatili sa bahay. Kung ito ay isang respiratory virus, na walang diagnosis, dapat na manatili sa bahay ang mga bata hanggang sa bumuti ang kalagayan, na nangangahulugang walang lagnat at ang iba pang mga sintomas ay patuloy na nawawala sa loob ng ilang araw.

Para sa COVID, kailangang maghintay ng hindi bababa sa limang araw, pagkatapos mag-positibo o magsimula ang mga sintomas, bago bumalik sa paaralan o daycare.

**Kailan ko dapat dalhin sa ospital ang aking anak?**

**Dr. Doyle:** Kung kailan mo man makitang ang iyong anak ay nahihirapan sa paghinga, na ang kahulugan ay maaaring ang mga butas ng kanyang ilong ay parang namamaga na, mapapansing humihinga na siya sa pagitan ng mga tadyang, at umeepekto na sa kalamnan ng kanyang tiyan. Kung ang kanyang kulay ay hindi na maganda, kung mayroon siyang pahintu-hintong paghinga, lalo na sa mga sanggol, iyan ang mga dahilan kung bakit dapat na siyang dalhin sa Emergency Room (E.R.).

**2574 Portage Avenue, Winnipeg, Manitoba, R3J 0H8**
**Telephone: 204-888-7951** **Fax: 204-831-0859** **www.sjasd.ca**

Bilang karagdagan, kung ang iyong anak ay hindi sapat sa pag-inom, kung siya ay laging natutulog at nahihirapang magising, at kung ang sanggol na ito na kulang sa tatlong buwan ay may lagnat pa, ito rin ang mga dahilan para dalhin siya sa ER.

**Ang aking anak ay may mataas na lagnat, ano ang dapat kong gawin?**

**Dr. Doyle:** Maraming paraan para lunasan ang lagnat, katulad ng laging pagpapainom at paggamit ng tamang bentilasyon sa silid para bumaba ang lagnat ng bata. Maliban na lamang kung ang bata ay isang sanggol na kulang sa tatlong buwan ang edad, ang pagkakaroon ng mataas na lagnat ay hindi dahilan para dalhin ang bata sa E.R.

Maaaring mahirap makahanap ng gamot sa lagnat para sa bata dahil sa mga isyu sa supply chain. Ang mga magulang ay maaring kumunsulta sa mga pharmacist at dalhin ang gamot pang-matanda kagaya ng Tylenol at ibuprofen. Ang pharmacist ay maaaring hatiin nang maayos ang gamot sa angkop na dosis para sa bata.

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa kalusugan ng inyong anak, makahahanap kayo ng impormasyon sa Sharedhealth website: https://sharedhealthmb.ca/patient-care/where-to-go/children-and-teens/ o kaya ay tumawag sa Health Links sa numerong 204-788-8200.

Kami ay umaasa na naging kapaki-pakinabang ang impormasyong ito at hangad namin ang magandang kalusugan para sa iyo at ng iyong pamilya ngayong panahon ng taglamig

*SJASD would like to thank Winnipeg One School Division for providing permission to reproduce this Town Hall synopsis in multiple languages.*

**2574 Portage Avenue, Winnipeg, Manitoba, R3J 0H8**

**Telephone: 204-888-7951** **Fax: 204-831-0859** **www.sjasd.ca**